Cover Page

Universiteit Leiden

The handle http://hdl.handle.net/1887/65631 holds various files of this Leiden University dissertation.

Author: Lopez, A.C.
Title: Conversion and Colonialism: Islam and Christianity in North Sulawesi, c. 1700-1900
Issue Date: 2018-09-18

Buod

Kumbersyon at kolonyalismo: Islam at Kristiyanismo sa hilagang Sulawesi, c. 1700-1900

Ang disertasyong ito ay nakatuon sa halos magkakasabay na kumbersyon patungong Islam at Kristiyanismo sa tatlong sub-rehiyon ng hilagang Sulawesi. Sa partikular, ipinaliliwanag nito ang mga dahilan ng kumbersyon ng parehong elite at masa patungong Islam sa Bolaang-Mongondow at patungong Protestantismo sa Minahasa at sa Sangir-Talaud noong dantaon 18-19. Pinagtutuunan ng partikular na pansin ang mga pagbabago sa kolonyal na ekonomiyang pulitikal at ang malawakang epekto ng mga ito sa rehiyon. Ipinakikita sa pag-aaral na ito na sa kabila ng pagkakaiba sa lokal na konteksto, ang mga kumbersyon patungong Islam at Kristiyanismo ay may magkakatulad na dahilan. Samakatuwid, natatangi ang disertasyong ito sa mga pang-akademikong akda sa kasalukuyan ukol sa Indonesia na madalas tumitingin sa kumbersyon patungong Kristiyanismo at patungong Islam bilang magkakahiwalay na penomena na may magkaiba at natatanging sanhi.

Pinatutunayan sa pag-aaral na ito na ang tuwirang sanhi sa likod ng malawakang kumbersyon ay ang mga nakakapagsentralisang reporma ng kolonyal na estado ng mga Olandes noong dantaon 19. Ang mga pagbabagong ito ang nakapagpahina sa tradisyunal na ugnayang *patron-client* at bunsod nito'y nagbigay daan sa mga hindi elite na makapagkamit ng materyal na yaman at makibahagi sa mga prestihiyosong ugnayang panlipunan—lalo't higit, ang pagsapi sa isang unibersal na relihiyon—na sa matagal na panahon ay eksklusibo sa mga naghaharing elite. Sa ilang pagkakataon, ang mga pinakanakatataas na pinuno na may kapangyarihang pinagtibay ng estadong kolonyal, ay naging abala sa pagpapalaganap ng kumbersyon sa mga hindi elite. Naging istratehiya ito ng mga nasabing pinuno upang mapadali ang sentralisasyon ng kapangyarihan sa kanilang mga nasasakupan. Kaya't habang lumiliit ang agwat sa pagitan ng mga nakababababang pinuno at ang kanilang mga tagasunod, ang mga pinakanakatataas na pinuno nama'y hindi lamang nakikinabang sa mas malawak na lehitimidad-kultural kundi nakapag-angkin din ng mas malawak na kapangyarihang pulitikal sa mga sumailalim sa kumbersyon.

Sa pamamagitan ng pagtuon sa mga aspektong pampulitika at pang-ekonomiya ng kumbersyon (partikular ang papel at motibasyon ng mga pinunong elite), tinutukoy sa disertasyong ito ang mga kakulangan ng ilang mahahalagang kumbensyunal na teorya ng kumbersyon sa

literatura ukol sa Indonesia. Halimbawa, ang natatawag na *bottom-up theory* na tumutukoy sa malawakang hangarin na magkaroon ng isang kosmopolitan na panrelihiyong pagkakakilanlan; ay nabigong isaalang-alang ang mga hindi maiwasan na puwersang panlipunan na nagpapahintulot o pumipigil sa pag-angkin sa nasabing pagkakakilanlan. Samantala, ang *trade theory* naman ay iniuugnay ang mga kumbersyon ng masa sa atraksyon sa ugnayang panlabas, balangkas ng batas, at tiwala sa kapwa—mga katangiang iniuugnay sa isang unibersal na relihiyon. Ngunit sa hilagang Sulawesi, walang tuloy-tuloy at madalas na interaksyon sa pagitan ng mga dayuhang mangangalakal at ng karamihan sa mga karaniwang mamamayan dahil minomonopolisa ng mga pinuno ang kalakalang panlabas at pinagbawalan ang kanilang mga inaangking sakop na makibahagi sa kalakalan. Gayundin, ipinapakita rin ng mga batis pangkasaysayan na ang estadong kolonyal ng mga Olandes ang nagsilbing pangunahing tagapagtaguyod ng pulitikal na kaayusan at pinakamahalagang tagapamagitan sa panahon ng Kristiyanisasyon at Islamisasyon ng hilagang Sulawesi. Panghuli, ang *comprehensive social crisis theory* naman ay tumutukoy sa malubhang krisis ng tradisyunal na lipunan na nagdulot ng malawakang pag-aalinlangang ispirituwal na siyang tinitingnang nagtulak sa marami na tanggapin ang mga banyagang relihiyon. Subalit sa hilagang Sulawesi, ang pagtatapos ng lumang kaayusan ay hindi lumikha ng malubhang krisis na inilalarawan ng *comprehensive social crisis theory*. Kapansin-pansin ang pagpapatuloy ng mga istrukturang sosyal at pulitikal ng mga katutubong lipunan. Dagdag pa, at marahil mas mahalaga, ang kagustuhang tularan ang naghaharing-uri sa halip na "ispirituwal na pag-aalinlangan" ang tila mas matingkad na internal na dahilan sa kumbersyon. Sa pangkalahatan, hindi sapat ang atensyong inilalaan ng mga teoryang ito sa dinamikang pulitikal ng lipunang lokal.

Habang isinasaalang-alang ang mga kakulangan ng mga umiiral na teorya, ipinapanukala ng disertasyong ito ang *demand-side* at *supply-side* na mga salik bilang mahalagang mga analitikal na elemento sa pag-unawa ng Islamisasyon at Kristiyanisasyon. Ang terminong *demand-side* ay tumutukoy sa hangarin ng mga hindi elite sa hilagang Sulawesi na magkaroon ng pagkakakilanlan ng mga relihiyong kosmopolitan upang matumbasan at matularan ang naghaharing-uri. Ipinapakita sa disertasyon na ang hangaring ito, sa kasamaang palad, ay tinutulan ng mga elite tulad din ng kanilang pagtutol sa pagmamay-ari ng mga nakababababang-uri sa mga mamahalin at prestihiyosong kalakal. Ang pagtutol ng elite sa mga kumbersyon ay isang istratehiyang pulitikal upang mapanatili ang panlipunang agwat sa pagitan ng elite at di-elite. Mahalaga ito lalo na sa konteksto ng matinding kompetisyong pulitikal sa pagitan ng mga nakatataas na pinuno at ng mga

nakababababang pinuno. Sa kabilang banda, tumutukoy ang terminong *supply-side* sa mga nakakapagsentralisang patakaran ng estadong kolonyal ng mga Olandes noong dantaon 19 na nakapagpahina sa lokal na kapangyarihang pulitikal, nagtulak sa komersyalisasyon ng ekonomiya sa rehiyon, at nagpasimula ng monetaryong buwis.

Magkakaiba ang dinamika ng *demand-side* at *supply-side* sa iba't ibang sub-rehiyon ng hilagang Sulawesi. Sa Minahasa, ang panahon ng mga malawakang Kristiyanisasyon ay nagsimula sa liberal na pamumuno ng Residente (*Resident*) na si A. J. van Olpen (1843-1849) at umigting sa panahon ni Residente A. J. F. Jansen (1853-1859). Si Van Olpen, at lalo na si Jansen, ay nagsulong ng paggamit ng instrumentong monetaryo bilang midyum ng palitan at buwis; at gayundin ay naglayon ng abolisyon ng sapilitang pagpapadala ng bigas kapalit ng tela. Ang mga patakarang liberal noong mga panahong iyon ang siya ring nakapagpahina sa kapangyarihan ng mga lokal na pinunong Minahasan at nagtulay sa ilan na maging bahagi ng burukrasyang kolonyal. Kung gayon, napilitang iwanan ng mga nakababababang pinunong lokal ang kanilang kanilang tradisyunal na papel bilang mangangakal at nalimitahan sa gampanin bilang tagakolekta ng buwis para sa estadong kolonyal. Sa kabuuan, ang mga repormang ito sa ekonomiya at pulitika ay nakapagpahina sa hawak ng mga nakababababang pinuno sa kanilang mga inaangking sakop kayat nagbukas sa mga sakop na ito ang oportunidad na maangkin ang Kristiyanismo—ang prestihiyosong relihiyon ng mga uring pinuno ng Minahasa simula pa noong panahon ng Kompanyang Olandes. Inilalarawan ng kaso ni O. J. Pelenkahu, ang Kristiyanong pinuno ng Tonsea ang dinamikang nabanggit. Nagtagumpay si Pelenkahu na pahinain ang kapangyarihan ng mga nakababababang pinuno na kanyang katunggali sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihan ng estadong kolonyal. Tinanggal niya ang pagmomonopolisa sa kalakalan ng bigas ng mga nakababababang pinuno at pinigilan silang magsagawa ng mga paganong *potlatch* (*fosso*) sa kunwaring dahilang ang mga katutubong ritwal ay makababalam sa mga pagsisikap na palaganapin ang Kristiyanismo. Ang tagumpay ni Pelenkahu sa pagpapatupad ng mga ito ay naging lunsaran upang makamit niya ang pulitikal na supremasya sa kanyang distrito sa ilalim ng bandila ng Kristiyanismo na isinusulong ng mga Olandes. Samakatuwid, muli niyang pinatunayan ang simbolikong bisa, kapangyarihan, at katayuan na matagal nang inuugnay sa Kristiyanismo habang inilalantad ang pagkawala ng kapangyarihan ng mga paganong nakababababang pinuno.

Sa Bolaang-Mongondow, naganap din ang unang naitalang malawakang kumbersyon patungong Islam sa panahon ng sentralisasyong kolonyal noong dekada 1850. Upang maipatupad

ang mga radikal na repormang piskal at pulitikal, pinalakas ng estadong kolonyal ang kapangyarihan ng mga nakatataas na pinuno (partikular si A. C. Manoppo, ang raha ng Bolaang-Mongondow). Katulad ng kanyang kasabayan sa Minahasa na si O. J. Pelenkahu, sinamantala ni Manoppo ang pagkakataon upang mapahina ang kapangyarihan ng mga katunggaling pinuno at masentralisa ang kapangyarihan. Habang ang mga nakababababang pinuno ng Mongondow ay matagal nang pinigilan ang kanilang mga nasasakupan na mangalakal sa tabi ng dalampasigan at makipag-ugnayan sa mga dayuhang mangangalakal na Muslim, ang kabaligtaran nito ang isinulong ni raha A. C. Manoppo. Sa pamamagitan ng patakarang ito, napalaki ni Raha A. C. Manoppo ang pondong buwis ng kaniyang nasasaklawan at nagampanan ang kanyang tungkuling piskal sa kanyang patrong pulitikal—ang kolonyal na estadong Olandes. Isang istratehiyang pulitikal ang pagtataguyod ni Manoppo ng Islam tungo sa pagpapahina ng kapangyarihan ng mga nakababababang pinuno, lalo't higit sa dahilang ang relihiyon ay matagal nang naging tanda ng pagkakaiba sa katayuan ng mga pinunong ito at ng kanilang mga tagasunod. Sa Mongondow, katulad din sa Minahasa, mayroong malawakang pagtutol sa hanay ng mga pinahinang pinunong elite. Halimbawa, sumalungat sa kapangyarihan ng mga Manoppo ang pamilya Mokoginta ng distrito ng Passi sa pamamagitan ng pangunguna sa isang pangkat ng mga pinuno na tumutol sa pagbayad ng buwis. Ang mga kasapi ng pamilya Mokoginta ay naging bantulot din sa Islamisasyon ng kanilang mga sakop. Samakatwid, ipinapahiwatig nito na ang malawakang kumbersyon tungong Islam ay maiuugnay sa sentralisasyong pulitikal ng nakatataas na pinuno ng Mongondow.

Sa Sangir-Talaud, nangyari lamang bandang dekada 1890 ang mga repormang kolonyal na inilarawan sa Minahasa at Bolaang-Mongondow. Bunga nito, napanatili ng mga pinuno ang kanilang tradisyunal na kapangyarihan at nanatiling malakas sa kanilang pagsalungat sa maigting na kampanya ng mga misyonerong Protestante. Halimbawa, naging matagumpay sa loob ng mahabang sa panahon si Jacob Ponto, ang pinakamataas na pinuno ng Siau, sa kanyang pagsalungat sa mga Europeong "misyonerong-manggagawa" na itinalaga ng pamahalaang kolonyal. Itinaguyod ni Ponto ang mga pangangayaw at ipinagdiwang ang mga malalaking "paganong" pagtitipon upang lalong mapalakas ang kanyang kapangyarihan. Gayunpaman, ang mga malawakang reporma nina Residente M. C. E. Stakman at E. J. Jellesma noong huling bahagi ng mga dekada 1880 at 1890 ay tuluyang naging sanhi ng pagbagsak ni Ponto. Isinulong ng mga repormistang Residenteng ito ang komersyalisasyon ng ekonomiya sa pamamagitan ng monetaryong pagbubuwis batay sa sensus at sa pag-obliga ng mga palitan sa pamamagitan ng

salapi. Pinaliit din nila ang bilang ng mga lokal na naghahari-hariang pinuno. Bukod dito, ipinamalas din ng estadong kolonyal ang kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng isang istratehikong kampanyang militar ng pasipikasyon sa Talaud. Sa Sangir-Talaud, katulad sa Bolaang-Mongondow at Minahasa, nagkaroon ng malawakang epekto sa lipunan ang mga repormang nabanggit. Sa Siau, halimbawa, napalaya mula sa mapanupil na ugnayang ekonomiko at pulitikal sa mga naghaharing-uri ang mga taga-isla ng Makelehi. Hindi kataka-takang makalipas ang ilang taon, karamihan sa kanila ay naging aktibong kasapi ng simbahang Kristiyano. Ang simbahan sa panahong iyon ay maaaring naging sentro ng isang bagong komunidad at mapagpalayang pamumuhay hiwalay sa mapanupil na kapangyarihan ng lokal na raha.

Samakatuwid, ipinapamalas sa disertasyong ito ang magkakatulad na dahilan ng Kristiyanisasyon at Islamisasyon sa Indonesia noong panahong kolonyal. Binibigyang-halaga rito ang maaaring naging personal na motibasyon at pati na rin ang malawakang pulitikal at ekonomikong pagbabago sa lipunang lokal. Binibigyang-diin din ang magkakaibang dinamika ng tunggaliang panlipunan sa pagitan ng mga katutubong elite na madalas hindi nabibigyan nang sapat na tuon sa mga akdang pangkasaysayan tungkol sa kumbersyon.